# BATAYAN NG PANANAMPALATAYA

**(Fundamentals of Faith -Pilipino Translation)**

## PASIMULA

Ang dokyumentong ito ay malugod na inihanda ng mga kapatiran kay Mesiya bilang saligang buod na batayan ng pananampalataya na minsang inihatid sa mga banal. Judas 3. Amin kayong hinihikayat upang suriin ang mga sumusunod na buod ng doktrina sa aming panampalataya at paniniwala, "Suriin ninyo ang lahat ng bagay at pulutin ang mabuti" 1Tesalonika 5:21. Buong pakukumbaba naming pinatutunayan itong buod na katuruan bilang saligan ng nakakaisang pananampalataya na aming pinanindigan.

## ANG BANAL NA KASULATAN (BIBLIYA/ BIBLE)

1.Aming nasumpungan ang mga sumusunod na siyang totoo at sang-ayon sa mga mainspiradong salita ni Amang Yahweh: Ang Bibliya ay may inspirasyon mula sa kay Amang Yahweh at inihayag ang karunungan na hindi napag alaman ng tao sa kanyang sarili. Tayo ay mabuhay sa bawa't salita na nagmumula sa bibig ni Amang Yahweh, Mateo 4:4; "Lahat ng kasulata'y kinasihan ng Elohim at magagamit sa pagtutro ng katotohanan, sa pagpapabulaan sa maling aral, sa pagtututwid na pamumuhay..." 2Tim.3:14-16; Ang Bibliya ay kanyang katotohanan, at hindi maaring ipaliwanag sa sariling kuro-kuro lamang 2Pet.1:21. Hindi natin dapat dagdagan o bawasan Deut.4:2;12:32; Pahayag 22:18.

## ANG AMA (THE FATHER)

2.Na ang Ama ang Siyang Tanging Dalubhasa sa desinyo ng lahat Paglikha, na siyang isakatuparan ng Anak mula paglikha sa lahat ng nilalang. Prob.8:22;31; Pahayag.3:14; Kolosas 1:15-17.Ang pangalan ng Amang nasa Langit na siyang ibinigay sa orihinal ma inspirasyong Kasulatan ay YAHWEH, Salmo 68:4;Isaiah 42:8; Jer.16:21 at Yahweh ang kanyang pangalan maypa kailan man, Exo.3:14-15; Isaiah 63:12; 66:5.Ang kanyang Dakilang Pangalan ay Pantangi sa Buong Pamilya ni Yahweh, Salmo 22:22; Jhn 17:11; Eph. 3:14-15.Siya ang pinagmulan ng lahat ng Kapangyarihan at Karapatan at lahat ng pasasalamat at paggalang na siyang nauukol para sa kanya, Mateo 4:10;6:9; Kolosas 1:12; Santiago 1:1,7 ; 1 Pet.2:5. Si Yahweh ay ispiritu, Jhn 4:24. Ang lahat ng pagsamba ay naka sentro sa kanya sa pamagitan ng kanyang anak si Yahshua,ang Mesiya; Jhn 14:6; Efeso 5:20.

**ANG ANAK (THE SON)**

3. Na Yahshua ay ang tamang pangalan ng tagapaligtas,Ang pinaikli na pinagsama (kombinasyon) na pangalan ni Yahweh at Hoshua, katulad ng ibinigay kay Joshua na anak ni Nun ni Moses, Mga Bilang 3:16.Ang kahulugan ng Yahshua ay si "Yahweh na tagapagligtas", sapagkat siyaay ang Tagapagligtas na ipinagkaloob ni Yahweh sa sangtauhan,Mga Gawa 4:12. Malugod naming tinatanggap ang mga pangalang inihayag sa pamamagitan ng maluwalhating Ama natin sa langit na si Yahweh at ang kanyang kahanga-hanga niyang Anak ang ating Tagapagligtas si Yahshua ang Mesiya. Si Yahshua ay ang tagapagsalita, ang logos o Salita (Hebrew Dabar) na dating nang umiiral at siya ay kasama noon ni Yahweh na Ama;Genesis 1:26;Jhn 1:1-3;8:58;13:3;1Cor.10:4. Iniwan niya ang kanyang makalangit at mawalhating katawan. Nagawa niyang alisan ng reputasyon ang kanyang sarili at siya ay nagkatawang tao bilang tagapaglingkod,Jhn 17:5, Filipos 2:5-7, Hebreo 2:6-14. Na ipinanganak ng isang dalagang birhen sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Yahweh, Isaiah 7:14;9:6 Mateo 1:18,23;Lukas 1:26-38;Naparito sa pangalan ng Ama;Yah-Shua, Jhn 5:43.Siya ay namuhay ng hindi nagkasala; Isaiah 53:9; 1Pedro 2:22 at siya'y binuhay mula sa mga patay ng Ama pagkalipas ng tatlong araw at tatlong gabi sang ayon sa mga kasulatan,Mateo 12:40; Mga Gawa 3:15; 1 Cor. 15:3-4; at siya ngayon ay umakyat sa langit sa kanan ni Yahweh na ating Ama; Lukas 24:51; Hebreo 1:13. Siya ngayon ang ating Tagapagtanggol, ating Tagpamagitan at Dakilang Saserdote, Hebreo 3:1, 4:14.Tanging sa pamamagitan lamang Niya tayo makalapit sa Ama; Jhn 14:6.

**ANG BANAL NA ISPIRITO (HOLY SPIRIT)**

4. Na ang Banal na Ispirito (Ruach) ay hindi nakikitang makapangyarihang pwersa. Ang isip,ang pwersa na nanggaling sa Ama at ibinahagi sa pamamagitan ng Anak, Lukas 24:49; Jhn 3:8; 14:17; 15:26; 1Cor. 2:10-16. Itong hindi nakikitang diwa o kapangyarihan ay inilagay sa mga nanalig sa pamamagitan ng Anak;Mga Gawa 2:33; Titus 3:6, sa paraan ng pagpatung ng mga kamay ng mga presbeteryo matapos ang bautismo sa makapagligtas na pangalan ni Yahshua, Mga Gawa 2:38; 5:32; 8:17, 19:6; 1 Tim 4:14; 2Tim 1:6 , at gayon din ang bautismo sa ispirito sapagkat binababautismohan tayo sa pagsanib sa katawan ng Mesiya.Roma 8:15-17; 1Cor.12:13 at Galatia 3:28.Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng banal na ispiritong inilagay sa atin, pinatutunayan natin ang ating pag-ibig para kay Yahshua at sa Ama sa pamamagitan ng nakalulugod na pagtalima sa batas, Jhn 14:15; 14:21-24; Mga Gawa 1:8; 1Jhn 2:5 ;Ang banal na ispirito ay kahalintulad ng hangin Jhn 3:8; Mga Gawa 10:45, isang napakalakas hindi nakikitang makapangyarihan at ito ay hindi tao. Sa makatuwid ating natuklasan na ang katuruang "Trinity" ay wala sa kasulatan kung di sa pagano.

**BAUTISMO (BAPTISM)**

5. Na pagkatapos ng tunay na pagsisisi, bautismo sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig at pagpasok sa makapagligtas na pangalan ni Yahshua ay ang kinakailangan ang mga gawa sa pagbabanal. Mateo 3:13-17; Mga Gawa 2:38; 4:12; 8:16; 10:43; 19:5; Roma 6:3 at iyang kaligtasan ay nasa walang ibang pangalan maliban kay Yahshua, Mga Gawa 4:12; iyang bautismo ay sa pamamagitan ng paglubog patalikod isang beses sa tubig, Mga Gawa 2:38. Inilalarawan ang pagkalupig at paglibing ng lumang imoral na likas napagkatao, Roma 6:3-5; Col.2:12; at bumangon upang maglingkod sa panibagong buhay sa pamamagitan ng kanyang ispirito, Roma 7:6; 12:1; 1Pedro 3:21; Mayroong isang tunay na bautismo sa loob ng isang totoong pangalan ni Yahshua na makapagliligtas at maglagay sa atin sa isang Katawan,Roma 12:5; Efeso 4:3-6, Pinag-isa ang maraming miyembro ng Katawan sa pamamagitan ni Yahshua; 1 Cor. 12:12-14.

**BATAS (LAW)**

6. Na ang pinakamalaking plano ng kaligtasan para sa sangkatauhan ay sa pamamagitan lang ng Kanyang Anak Yahshua ang Mesiya at naipahayag sa pamamagitan ng Pangilin ng Banal ng mga Sabado at mga piyesta ni Amang Yahweh Leveticus 23. Mga Bilang 28:29.Ang Paghahandog ng dugo bilang sakripisyo; at mga batas ng ritual ng mayroong paggawa sa pagsamba sa templo na ngayon ay ipinahinto ang pagkakaroon nila ng katuparan ay na kay Yahshua Mesiya, ang tupa ni Yahweh,Jhn 1:29; Heb.13:15-16; 1Pedro 2:5.Ang Pagtutuli ay palaging nagkukusa na sumusunod mula sa puso, Deut.10:16;30:6-8 Jer. 4:4; 1Cor. 7:19; Gal.5:6; Filipos 3:3 Ito ay maari na ngayon, sa pamamagitan ng banal na ispiritung nanahan dito upang masunod ang mga utos niya sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya, Deut. 7:9; Mga Awit 119:160; Mateo 5:17-19;19:16-19; Efeso 2:8-10; 1Jhn 1:1-5; 1Jhn 3:21-24.

**SABADO (SABBATH)**

7. Iyang ikapitong arawng Linggo (tinatawag na Sabado) ay araw ng inilaan ni Yahweh at ang ala-ala ng kanyang walang hanggang malikhaing kapangyarihan.Gen. 2:2-3.Ang araw ng Sabado ay ang banal na araw ng Kapahingahan, Exodus 20:8-11 at tumutukoy sa Dakilang isang libong taon ng kapahingahan ng kaligtasan,Mateo 11:28-30; Lukas 4:16-18, Hebreo 4:1-6.Libring ipinagkaloob ni Yahweh ang Sabado tulad ng pagkakataon na tanggapin at maranasan ang kangyang kagila-gilalas na Paglikha at pagliligtas;Marcos 2:27-28 Hebreo 4:7-11. Sa pamamagitan ng pakikilahok sa Sabado tayo'y nagpapahayag ng ating paniniwalam kay Yahshua bilang lumikha at bilang may akda at tagatapos ng ating kaligtasan , Hebreo 12:2.Ang Sabado ay ang kapahingahan at simbolo ng ating pag-ibig. Ang pangako na magiging matapat sa kay Yahweh.Exodus 31:13. Sa pamamagitan ng pagtatalaga ng ating oras na kanyang itinalaga para sa ating pagpahinga at pagsamba, ipinakikita natin ang ating pagpapasakop sa kanyang kalooban, kinikilala ang kanyang kahalagaan ng higit sa ating buhay at higit pa sa lahat ng nilalang. Ang Sabado na kapahingahan nananatili para sa kanyang mamamayan, Hebreo 4:9, ang

araw ng banal na kasiyahan at hindi ang araw ng mga gawa pansarili at panghanap buhay. Isaiah 58:13.

**PASKO (PASSOVER)**

8. Na ang paggunita ng mahalagang sakripisyo ni Yahshua ang Mesiya ay ginanap taon-taon sa gabi (umpisa) sa ika-14 ng Abib habang ang ika labing tatlo na araw ay nagtatapos sa gabi, sang ayon sa orihinal na Pasko sa Ehipto nang ang angel na pumapatay ay dumaan ng hating gabi ng ika-14. Exodo 12:13-14. Na ang sasalo sa Pasko ay may pagpakumbabang ispirito na nagpapatunay na tinatanggap ang dugong umagos sa minamahal ng tagapagligtas para sa mga kasalanan. Mga Bilang 28:16; Luk. 22:15-20; 1Cor. 11:23-29.Ang ginagamit na simbolo ay iyong naitatag sa pamamagitan ni Yahshua.Pagkain ng Tinapay na walang libadura ay kumakatawan sa kanyang nagkagutay na katawan,Exo. 28:18;1Cor.10:16,at uminom ng bunga ng baging,katas ng ubas bilang simbolo ng kanyang dugong umagos Deut. 32:14; Isaiah 65:8-9; Mateo 26:27-29.Ang ating pag-ibig kay Yahshua at mapagpakumbabang ispirito kasama ng mga kapatiran ay ginaganap sa pamamagitan nang seremonyang maghugasan ng paa na pinangasiwaan ng ating minahamahal na Tagapagligtas at Manunubos, sang ayon kay Jhn 13:3--17.

**PIESTA NG TINAPAY NA WALANG LIBADURA (FEAST OF UNLEAVENED BREAD)**

9. Na matapos ganapin ang Pasko, kailangan ang pagsisikap na mamuhay na matapat at pag-iwas sa kasalanan habang ginanaganap ang kasunod na pitong araw ng tinapay na walang libadura.Levitico 23:6; Mateo 16:12; Marcos 8:14-15; Lukas 12:1; Roma 6:13-22; 1Cor.5:6-8. Sumasagisag sa paunang hakbang tungo sa pagkamakatuwiran at lumayo sa kasalanan.Ang unang araw ng tinapay na walang libadura ay ika- 15 ng Abib, ay ang umpisa ng pitong araw ng piesta na walalng libadura at panahong banal at walang anumang pang hanapbuhay o trabahong pansarili, ito ay Pangtaon na Sabado. Ang ikapito o huling araw ay Sabado rin Abib 21, at inilalarawan ang kabuo-ang paglabas sa makasanlibutang daan ng kasalanan at maghimagsik upang sumunod sa katuwiran ng ating Tagapagligtas,Yahshua Mesia, Exodo 12:15,20:Mga Bilang 28:17-25; Mga Gawa 20:6-7. Masaya naming inaalis sa aming tahanan ang lahat ng produktong may mga libadura sa pitong araw upang maalaala namin ang paglilinis sa aming mga sarili ng maling doktrina na maaring magtulak sa ipagkakasala, sa pamamagitan ng pangpisikal na mga gawa aming matutunan ang ispiritual na aralin.Sa buong pitong araw ng piesta, ang Tinapay na walang libadura ay kakainin (kasabay sa lahat ng oras ng pagkain) para sa kompletong pitong araw.Ito ay nagalalarawan sa makahulugang pagtanggap nitong tinapay na walang libadura sa boung katapatan at katutuhanan, 1 Cor. 5:7-8.

**PENTECOSTES**

10. Na ang araw ng Pentecostes (Shavout) o Piesta ng mga Semana (piesta ng mga Linggo) ay ikatlong Banal na Araw sa taonang Sabado, at magkaroon nang Pantanging Pagtitipon, Lev. 23:15-21; Mga Bilang 28:26 at ito ay binibilang mula sa araw na pagkatapos ng Linggohang Sabado na pumapatak mula sa panahon ng araw ng tinapay ng walang libadura, pitong Sabado (araw na banal na kapahingahan), pitong kompletong mga linggo ang mga bilang at ang linggong araw pagkatapos sa pangpitong Sabado (pang -49 na araw) ay ang Linggo ng Pentecostes (pang 50 pagbilang mula sa linggo ng tinapay na walang libadura)Ito ang isa sa pinaka-importanteng ginaganap bilang pag-alaala sa Araw na gumawa si Yahweh ng kasunduan sa Israel at Sinai,Exodus 24:4-8. Ito ay siya ring araw na ipinangako ni Yahshua na bigyan niya ang kanyang Assembliya ng kapangyarihan mula doon sa kaitaasan Lukas 24:49; Jhn 14:26,15:4-8 na naging katuparan sa unang sinugo ni Abba Yahweh na ang kanyang banal na ispirito noong unang Pentecostes dito sa mundo,Mga Gawa 2:1-18 upang manahan sa kanyang mga tao magpakailan man Jhn 14:16.Ang Pentecostes or Piesta ng unang mga bunga ay tumutukoy sa paunang ani ng mga kaluluwa,Roma 8:23;11:16;16:5;1 Cor 15:20-23 at 16:15; Santiago 1:18, Payahag 14:4.

**ARAW NG PAKAKAK (DAY OF TRUMPETS)**

11.Na kami ay sa buong pananabik na nakatanaw sa pagbabalik ni Yahshua, ang aming Tagapagligtas, para sa kanyang pagbabalik na sa tunog ng huling pagkakak at tinig ng arkAngel tayo'y tatanggap ng gantipala, 1 Cor.15:22-23 at 51-53; 1Tesalonika 4:14-17; 1Pedro 5:4; Pahayag 2:23 2:23; 22:12.Ang Araw ng pakakak ay ang ikaapat na taonang Sabado at nag umpisa sa ikapitong buwan at magkaroon na banal na pagpupulong, Lev.23:24-25, ipinapaalala sa amin na panatiliin sa aming mga kaisipan sa mga bagay na panlangit upang tayo ay magalak sa pagbabalik ng ating tagapagligtas sa huling pakakak, Lukas 21:27-28.Ang pag ihip ng mga trumpeta ay nagpapaalala sa atin at ito ay hudyat ng pagtawag sa Israel upang magkatipon at maghanda para sa paglalakbay at isang pabala para sa digmaan, Mga Bilang 10:1-10.

**ARAW NG KATUBUSAN (ATONEMENT)**

12. Na ang araw ng katubusan ay tumutukoy sa nagawa ni Yahshua na tayo ay tinubus na. Nagawang pagkasunduin sa pamamagitan ni Yahshua Roma 5:6-11; 2Cor. 5:18-21;Col. 1:19-22; Hebreo 2:18.Kami ay buong galak na ipinamamalita sa iba ang kanyang marangal na gawa. Ito ay dinadaos sa ikasiyam na araw nitong ikapitong buwan

sa paglubog ng araw tungo sa ikasampong araw at nagtatapos hangang sa paglubog muli ng araw. Lev.23:32. Sa loob ng 24 oras ginaganap ang hindi pagkain o pag-inom ng tubig, ito ang  pagganap sa totoong "atonement" bilang kahulugan sa buong paninawala sa Tagapagligtas ng tayo ay hindi lang sa pisikal na pagkain o pag-inom nabubuhay, kondi ang sa kanyang kapangyarihan.Lev.16:29-31; 23:27-32;Mga Bilang 29:7. Tayo ay pina alalahanan kung anong klasing tao at makalaman tayo at kung paano natin kailang-kailangan si Yahshua bilang hain at pantubus sa atin. Atin din tinanatanaw sa panghinaharap ang pagpuksa kay Satan, Hebreo 2:14; at ang daigdig sa pagiging kaisa ni Yahshua at ang Ama natin sa langit.Mga Gawa 27:9; Pahayag 20:1-3. Ang "Atonement" ay ang ikalimang taonang Sabado at ito rin ang basihan sa pagbibilang sa panahon ng mga taon na  "Sabbathical" (pangpitong taon) tungo sa taong "Jubilee".Ayon sa kasaysayan itong ang pinakabanal na araw sa taon.

**PIESTA NG MGA TABERNAKULO O KUBOL (FEAST OF TABERNACLES)**

13. Na ang piesta ng mga tulda ay ang pagpapakita ng makatarungang isang libong taong paghahari ng nanalapit na pagpaparito ng haring Yahshua, Zech.14:16.Ang panahong ng kapayapaan, kasaganaan at kaligayahan ang siyang iiral kapag namamahala na si Yahshua, ipapairal na ang Batas ng kanyang Amang Yahweh na siyang lalong pinag-aaralan kapag kapiestahan ng tabernakulo.Ipinipakita ang ating pananampalataya sa walang hangang dakilang kapangyarihan ni Yahweh sa ibabaw ng buong mundo. Ang naatasang Iglesia o Assembliya na kong saan ay pinaglagakan ng pangalan ni Abba Yahweh. Ang piestang mga tulda ay ipinangingilin ng pitong araw umpisa sa ika labing lima (ika-15) araw ng ikapitong buwan (Tishri 15 hangang sa ika-21). Ang unang araw ay ang ika-anim na taonang  Sabado.Lev.29:12-36,43;Mga Bilang 29:12.Ang araw ng mga kubol ay nagtatapos sa ikapitong araw at ang pangwalong araw ay ang Huling Dakilang Araw,naipanangilin ni Yahshua ang Mesiya, Jhn 7:37; Walong araw ang kabuo-ang mga araw ng pangingilin, dagdag ang Huling Dakilang Araw (Last Great Day).

**HULING DAKILANG ARAW (LAST GREAT DAY)**

14.Na ang pang huling hantungan ng plano ni Yahweh ay nagtatapos sa dakilang ani ng lahat nga mga tao na nabuhay sa simula pa, Pahayag 20:5, at ang walang hanggang paghuhukom ni Abba Yahweh ay isasagawa, Pahayag 20:11-15;Hebrew 6:4. Dito ay inilalarawan ng walong araw ng piesta ng mga kubol o tulda, ang ikapitong taunang Sabado na tinatawag na ang  Huling Dakilang Araw.Ito ay huling o ultimong pagliligtas ni Yahweh, Lev. 23:36; Mga Bilang 29:35; Jhn 7:37-38.Sa panahong iyon na ang bagong langit at mundo ay magsasaya, Isaiah 66:22; Pahayag 21:1.Ang "Sabbathical Jubilee cycle" ay nagpapahiwatig din ng plano ni Abba Yahweh sa pagliligtas sa Pagpasok sa kanyang kapahingahan.

**BAGONG BUWAN (NEW MOON)**

15. Na ang buwan sang ayon sa banal na Kasulatan(Bibliya) ay ibanabase sa pamamagitan ng pagpapakita ng manipis na gasuklay ng nakalantad ng bagong buwan;2Mga Hari 4:23;Nehemiah 10:33;Mga Awit 81:3. Ang Kasulatan ay nagpapahiwatig na ang buwan ng mga araw. Ito ay mag uumpisa mula sa tunay na lugar na kung saan ang bagong buwan ay makikita diyan sa natatanging buwan. Ang nasa kasulatan na araw ay nag-uumpisa at nagtatapos sa paglubog ng araw, Levitico 23:32, Mga Hukom 14:12 at 18; Marcos 1:32. Ang bagong buwan ay ipapangilin sa bagong kaharian, Isaiah 66:23.

**KASALANAN (SIN)**

16. Na ang kasalanan ay paglabag sa Batas ni Abba Yahweh, Roma 7:7-12. Lahat ay nagkasala at hindi nakarating sa kaluwalhatian ni Abba Yahweh, Exodos 20:1-20;Deut.5:1-24; Roma 3:23. Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan Genesis 2:16-17;Genesis 3:19; Roma 6:23; 1Cor.15:22; Hebreo 9:27. Ang Kamatayan ay ang pagtulog sa pagbabalik sa alikabok, Jhn 11:11; Eclesiastes 9:5-6,10; Isaiah 38:18; Mga Awit 115:17.

**PAGTUBOS (REDEMPTION)**

17. Na magmula ng ang lahat ay nagkasala at nagkamit ng parusang kamatayan kinakailangan ngayon na magsisisi; iyon ay pagsisisi sa mga nakaraang gawi ng buhay na nasa paglabag sa banal na Batas ni Abba Yahweh at ngayon upang magbabago pa sa pamamaraan ng pagsisisi. Sundin ang huwarang buhay ni Yahshua ang Mesiya, Mateo 19:17; Jhn 8:11; Hebreo 6:19 at 14 upang makalaya sa sumpa ng Batas na kamatayan. Kailanganng tanggapin natin ang pagpapakasakit ni Yahshua bilang kabayaran para sa ating mga kasalanan, Mateo 26:26-28; Colosas 3:13; Hebreo 9:26,10:12; 1Pedro 2:21-24; 1Jhn1:7-10.Siya ang ating Manananggol at Tagapamagitan, 1 Tim 2:3-5.

**PAGPAPAKABANAL (SANCTIFICATION)**

18. Na matapos na malinisan at magawang maibukod sa pamamagitan ng pananampalataya kay Yahshua tayo ay naniwalang ito ay mahalaga na maging malinis ang pangloob gayon din ang panglabas. Ang ating katawan ay ang templo ng Banal na ispirito at tayo ay malugod na nanindigan ayon sa Batas sa bawat malinis na pagkaing laman galing sa mga malinis na hayop, Leviticos 11 at Deut.14.Ito ay bagay na aralin sa

Kabanalan, inaralan tayo ng kaibahan sa pagitan ng mailinis at hindi malinis, ang banal at ang hindi banal, 2 Cor. 6:16-18.Maging sa anumang kaisipan dapat tayo ay malinis at kinakailangan ang disiplina sa sarili at maging maselang sa kung ano ano ang ating tatanggapin para ibabad sa ating isipan gayon din sa ating pagbabasa,panahon sa TV, Radio, mga kaibigan at mga kasamahan. Tayo ay kumain ng malinis; malinis ang pag iisip,mamuhay na malinis,maging malinis at banal sa harap ni Abba Yahweh. Pagsikapang maging huwaran tayo sanlibutan, Mateo 5:48; 1Cor.3:17; 1Pedro 1:15-16, Pahayag 21:27.

**PAGPAHID NG LANGIS (ANOINTING)**

19. Na ang walang kapintasang pagsasakripisyo ni Yahshua ay nagawa nitong posible para sa atin ang gumaling sa karamdaman, Isaiah 53:5; Santiago 5:13-20. Sa pamamagitan ng pagpapahid ng langis sa may sakit ng mga Matatanda (Elders) sa kapulungan sa pangalan ni Yahweh kay Yahshua ang ating Mesiya, ang paggaling ng ating pagdadalamhati ay posibleng bumaling muna kay Abba Yahweh at manalangin, umasa sa Kanya at sa kanyang patnubay.

**IKAPO (TITHING)**

20. Na ito ay isang pagpapala kong makayanan nating igalang si Abba Yahweh sa pamamagitan ng ating kayamanan, Prov. 3:9 at isang pagganap ng pagsamba upang umalalay sa gawain kay Abba Yahweh sa pamamagitan ng ating mga ikapo at mga handog, Lev.27:30-33; Malakias 3:8-12; Mateo 23:23; 1Cor.9:1-25; 2Cor.9:1-15.Ang ikapo ay sampung porsyento ng ating kinikita. Si Abba Yahweh sa kanyang karunungan ay naglaan din ng ikalawang ikapo upang makatiyak tayong sapat na pondo upang makasama tayo ipagdiwang ang kanyang mga kapiestahan, Deut.14:27-29; 26:12-17.Higit na maraming pagpapala ang magbigay kaysa tumatanggap at tayo ay buong lugod na nagbigay. Si Abba Yahweh sa Kanyang mabuting kalooban ay nagbibigay at siya ang kakalinga at nakakahingit na may alam sa bawat importanting bagay nating pangangailangan.

**ANG KAAWAY (Satan)**

21.Na si Satanas ay ispiritung nilalang at siya ang piniling Angel na tinatawag na si Lucifer.Naging mapagmataas siya at hinulog siya sa langit Isaiah 14:12-20; Ezekiel 28:13-19;Lukas 10:18;Pahayag 12:7-9.Na ang demonyo ay kaaway ni Abba Yahweh at kanyang mga sakup. Jhn8:44; Pahayag12:1.At sa bandang huli si satanas ay pupuksain,Isaiah 14:12-20,Ezekiel 28:16, Roma16:20;Hebreo 2:14.Si Satanas ay tinangka na hahadlangan ang pagsasaayos ng kaharian ni Abba Yahweh, Mateo 4:1-11.Sa

pamamagitan ng tulong ni Yahweh maari nating mapaglabanan ang demonyo at itoy lalayo sa atin ,Santiago 4:7.

## PAGKAKAMATAY (MORTALITY)

22. Na ang patay ay walang malay sa kanilang mga libingan at nasa pagtulog.Ang patay ay naghihintay ng muling pagkabuhay, Job 14:12-1; Daniel 12;2; Jhn 5:29; 1 Cor. 15:5-56;1Tesalonika 4:13-17;Hebreo 11:13;39.Na ang pagka walang kamatayan ay isang bagay hahanapin natin,Roma 2:7;1 Cor. 15:53 at ito ay dapat nating gawain sa pamamagitan ng pagsunod sa mga gawa ni Yahshua,Mesia,Jhn 3:15,17:2-3; 2Tim 1:10. Na si Abba Yahweh lamang ang walang kamatayan,1Tim 1:17;16:6. na ang lahat ng tao ay walang kaluluwang hindi namamatay, Mga awit 6:5;115:17;Isaiah26:19, ngunit ang iyang mga kaluluwa nagkakasala ay mamatay Ezekiel 18:4,20; Mateo 10:28.

## ANG KATAWAN NG MGA NANALIG (BODY OF BELIEVERS)

23. Na si Yahshua Mesiya ay ang saligan at panulok na bato ng kanyang katawan ang Iglesia, ang pagkakatipon. Binubuo ng ganap na tinawagang pulutong ng mga nananalig magmula noong Pentecostes ng Mga Gawa 2, na siyang tumanggap ng sakripisyo ng ating minamahal na tagapagligtas at binago ang kanilang buhay sang ayon sa salita ni Yahweh, Mateo 12:50.Sa pamamagitan nito pulutong ng mga nanalig ang pagsasanay at paghahanda para sa darating na kaharian na isakatuparan, 1Pedro 2:5;9-10; Payahag 1:6;20:6.Ito ay nasa Iglesia na ang pangkaluluwang mga kaloob ay sinasanay para sa ikahuhusto para sa gawain ng Ministeryo, para maging magandang halimbawa ang katawan nang Messia.Efeso 4:17-13;1Cor. 12:7-10;28-30.Ang Iglesia ay kong saan ang pangkaluluwang mga bunga ay nahayag,Galatia 5:22-23, at ating kaugnayan para sa mga kaanib sa katawan ng Messia ay kahalintulad diyan ay mismong si Yahshua,Mateo 12:50;25-40.San ayon sa kaugaliang naitatag ng sina-unang Iglesia na noon pang panahon ni Apostol Paul, ang mga kapatid na babae sa Iglesia ay gumagamit ng talukbong sa kanilang ulo habang may pagsamba. Si Apostol Paul ay nagbanggit ng kanyang mga katwiran para sa kaugaliang ito sa 1 Cor. 11:1-16.Si Yahweh ang ulo ng lahat ng bagay kasama pati si Yahshua Messiah.

Si Yahshua ay atin ngayong punong saserdote isinasagisag ang taglay na pagkahirang sa tungkuling iyan, Lev. 21:10. Sa lupa, ang tao ay lumalarawan sa kaluwalhatian ni Abba Yahweh at tumatayong walang talukbong ang ulo sa harapan niya. Sa isang banda ang babae ay ang kaluwalhatian ng lalake at magkagayon ay maroon dapat siyang talukbong ang o belo (katakaluptos).(Ang King James version ay hindi malinaw ang pagkagawa ng pahayag ni Paul sa pagpaliwanag ng panukala ni Abba Yahweh).

Ang mga lipon ng mga angel ay sumasaksi sa lahat ng mga ginagawa ng tao, 1Cor.4:9.Ang lalaki ay dapat ulo ng pamilya at dapat mahalin ang kanyang asawa kagaya ng pagmamahal ni Yahshua sa kanyang Asembliya, Efeso 5:23-25.

**PAG-IBIG (LOVE)**

24. Na tayo ay maging mabuting halimbawa ng nabubuhay na mananampalataya na ating inihahayag. Ang ating halimbawa ay si Yahshua ang Mesiya na siya natin pinagsisikapan upang tularan sa Pag-ibig, katapatan, kapakumbabaan, pananampalataya, pag-asa, pagtitiis at magalang, Lev. 19:17-18; Mateo 5,6,7; 22:39; 1Cor.6:1-11; 1Ped.2:21-23-23.

Ang Pag-ibig ay susi ng katarungan na ating pinagsisikapan na mapanatili sa ating mga tahanan, sa ating Iglesia, sa ating komunidad.Pag-ibig ay isang hindi makasarili,panglabas na pagsa-alang-alang para sa iba.Pag-ibig ay dapat maging lantad sa mga kapatiran kahit nasaan sila. Dahil iyan ay ang pawang totoo tanda ng tao ni Abba Yahweh.

Kami ay naniniwala na ang kaligtasan ay libring iniaalok sa lahat na klase ng tao. Si Yahweh ay ang lumikha sa lahat ng mga Bansa at nagawa ang kanyang bahay na isang bahay dalanginan para sa lahat ng mga tao, Isaiah 56:7; Mga Gawa 8:27-39; Galatia 3:28 at Colosas 3:11. Ang Pag-ibig ni Yahweh nahahayag sa Pagpapakasakit ng kanyang Anak na si Yahshua,Mesiya at iniaalok sa lahat na gustong sumanib. Pahayag 3:20;22:17. Ipinapakita at ipinapadama ang ating pagmamahal sa Kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat niyang Kautusan, 1Jhn 2:5; 5:3; 2Jhn 6.

© 2007 Yahweh's Assembly in Yahshua
2963 County Road 233, Kingdom City , Missouri 65262
View us online at: www.YAIY.org
Call Toll Free: (877) 642-4101
Main Line : (573) 642-4100